Katipunan

Volume 11
Issue 1 *Araling Imperyo*

Article 7

12-4-2023

Mga Biktimang Imahen ng Sundalong Americano at ng Iba: Mga Alegoryang Post-1898 ng Imperyal na Pagbubuo-ng- Bansa bilang “Pag-ibig at Digma”

Casualty Figures of the American Soldier and the Other: Post-1898 Allegories of Imperial Nation-Building as “Love and War”

Oscar V. Campomanes
Ateneo de Manila University, ocampomanes@ateneo.edu

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/katipunan

Recommended Citation
Campomanes, Oscar V. (2023) "Mga Biktimang Imahen ng Sundalong Americano at ng Iba: Mga Alegoryang Post-1898 ng Imperyal na Pagbubuo-ng- Bansa bilang “Pag-ibig at Digma”," *Katipunan*: Vol. 11: Iss. 1, Article 7.
Available at: https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol11/iss1/7

This Mga Artikulo is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archīum Ateneo. It has been accepted for inclusion in Katipunan by an authorized editor of Archīum Ateneo.

Mga Biktimang Imahen ng Sundalong Americano at ng Iba: Mga Alegoryang Post-1898 ng Imperyal na Pagbubuo-ng-Bansa bilang "Pag-ibig at Digma"[1]

Casualty Figures of the American Soldier and the Other: Post-1898 Allegories of Imperial Nation-Building as "Love and War"

Oscar V. Campomanes
Pamantasang Ateneo de Manila
ocampomanes@ateneo.edu

Abstrak

Sa siping ito buhat sa orihinal na sanaysay, binibigyang-kritika ko ang retorika ng imperyalistang historyograpiya ng mga Americano, politika, at produksiyong kultural kaugnay ng Digmaang Filipino-Americano, at ang pagsasateritoryong-kolonyal ng Estados Unidos sa Pilipinas na kinahantungan nito. Iginigiit kong ang mga diskursong imperyalista ng mga Americano hinggil sa Pilipinas at mga Pilipino sa yugtong ito ay nagpapalawig at humahalili sa pananakop ng Estados Unidos at pag-aaklas ng mga Pilipino patungo sa dominyo ng kultura, na nagbunga ng digmaan laban sa mga Pilipino bilang Iba ng America, at itinataguri ko sa sanaysay bilang "ibang digma." Sa pagmamanipula ng pananakop sa Pilipinas gamit ang nagtutunggaling termino ng digmaan laban, at pag-ibig sa mga Pilipino, naisakatuparan ng Estados Unidos sa pamamagitan ng mga representasyonal na diskurso at mga tekstong ito na gawing sabayang ubod at laylayan ang aneksasyon ng Pilipinas tungo sa pagbubuo nito bilang isang imperyo at bilang isang bansa.

In this excerpt from the original essay, I critique the rhetoric of American imperialist historiography, politics, and cultural production around the Philippine-American War, and the US colonial annexation of the Philippines to which it led. I argue that American imperialist discourses on the Philippines and Filipinos during this period served to extend and displace the war of US conquest and Filipino resistance into the domain of culture, resulting in a war against Filipinos as America's Other, which I term here as "the other war." Couching its colonization of the Philippines in the contradictory terms of war against, and love for Filipinos, the US, in these representational discourses and texts, made the annexation of the Philippines both central and marginal to its own making as an empire and as a nation.

1 Unang inilathala bilang "Casualty Figures of the American Soldier and the Other: Post-1898 Allegories of Imperial Nation-Building as "Love and War,"" sa *Vestiges of War: The Philippine-American War and the Aftermath of an Imperial Dream 1899-1999*, na pinatnugutan nina Angel Velasco Shaw at Luis H. Francia. Isinalin at inilalathala dito nang may pahintulot ng may-akda.

© Ateneo de Manila University

Mga Susing-salita

historyograpiya ng imperyalismong Americano, politikang kultural, representasyon, alteritismo, kasarinlang Filipino, nasyonalismo

US imperialism historiography, cultural politics, representation, alteritism, Filipino independence, nationalism

Tungkol sa May-akda

Si Oscar V. Campomanes, na nagtamo ng kaniyang Doktorado sa Pilosopiya sa American Civilization mula sa Brown University, ay Kawaksing Propesor sa Kagawaran ng Ingles, at kasalukuyang may tangan ng Rev. James F. Donelan SJ Professorial Chair in the Humanities, sa mga Paaralang Loyola, Pamantasang Ateneo de Manila. Kabilang sa kaniyang mga huling nailathala ang sanaysay hinggil sa sining biswal ng mga Filipino para sa *SANGHAYA: Philippine Culture and the Arts Yearbook 2020* (CCP, 2021), at sanaysay tungkol kay Carlos Bulosan sa *Encyclopedia of the American Left* (Verso UK, ilalathala) na pinatnugutan nina Mari Jo Buhle, et al. Ang librong *Colonialism and Modernity: Re-Mapping Philippine Histories* na kaniyang pinatnugutan kasama sina Yoshiko Nagano at Nobutaka Suzuki ay inilabas ng Ateneo de Naga University Press noong 2022.

© Ateneo de Manila University

Sagisag ang mga monumento at bantayog, sa iba't ibang panig ng Estados Unidos, ng mga piping tagapaglahad ng mga bakas ng "Digmaang Español-Americano ng 1898." Naging simula ng digmaang ito ang pagkapanalo ni Komodor Dewey laban sa hukbong-pandagat ni Admiral Montojo sa Manila Bay noong Mayo 1898, na itinuring at binigyang-prebilehiyo ng mga Americanong historyador bilang panandang-tagpo ng pagbubuo ng Estados Unidos bilang makabagong imperyo (Bailey 8; Perez 59).[2] Kabilang sa makikita bagamat napabayaang mga monumento at bantayog ng digmaang 1898 ang sari-saring anyo ng eskulturang tinukoy at inukitan ng enigmatikong pangalan na "The Hiker."[3]

Ibinabala ng sosyologong si James Loewen na ang pagsisiyasat sa mga bantayog at ukit na ito ng Digmaang Español-Americano ay pagharap sa isang nakalilitong "palaisipan." Gaya ng marami sa mga ito, ang maringal na monumentong matatagpuan sa harap ng State Capitol ng Springfield, Illinois ay nagtataglay ng tipikal na paglalarawan ng "Spanish American War Veterans, 1898-1902" ("Springfield" 136-144).[4] Sa paanan ng karamihan sa mga bantayog na ito, ayon kay Loewen, makikita ang isang plakeng inukitan ng karaniwang simbolo ng digmaan: isang krus ng Malta, na may bilog na nakapaikot at sa loob nito ay paikot na nakatitik ang nasabing bansag; sa apat na dulo ng krus ay matatagpuang nakatitik ang "Cuba," "Porto Rico," "Philippine Islands," at "U.S.A." Sa ilang mga monumento, ipinapalit ang "China" sa "Porto Rico" o "U.S.A." bilang patunay sa "China Relief Expedition" na inilunsad ng hukbong Americano sa Pilipinas noong 1900—panahon kung kailan nanghimasok ang Estados Unidos, kasama ng iba pang makapangyarihang

2 Sa mapagparodiyang mga salita ng diplomatikong historyador na si Thomas Bailey, "Naitanghal ni Dewey [ang] di-malilimutang paglalantad [ng imperyalismong Americano] sa Manila Bay nang ihudyat ang sigalot [noong 1898]." Sa komprehensibong kritika ng makapal na historyogripya ng digmaang Americano noong 1898 na nailimbag sa nakalipas na siglo, sardonikong binanggit ng historyador na si Louis Perez Jr. na isa itong "mapalad na pangyayari sa kabuoan," ang paglubog ng barkong pandigma ng U.S. na Maine sa Havana harbor noong 1898, "na itinuring bilang dahilan ng digmaang nagbago sa landas ng kasaysayan ng Estados Unidos" (Bailey 8; Perez 59).

3 Ang bantayog ng "The Hiker" na itinayo sa Pawtucket, R.I., "To Perpetuate the Memory of All Who with Unfailing Loyalty Defended on Land and Sea the Nation's Honor in the War with Spain, Philippine [sic] Insurrection and China Relief Expedition [1898-1902]." Sa Rhode Island, kung saan unang nagsimula ang pananaliksik para sa sanaysay na ito, maraming Hiker ang inilagay nang maraming ulit at sa estratehikong sentral na espasyo ng mga lungsod at bayan. Halimbawa na ang itinayo sa "The City of Woonsocket to Her Sons on Land and Sea Defended the Nation's Honor in the War with Spain and the Philippine Insurrection, 1898-1902." Samantalang ang isang Hiker, na nangasul buhat sa pagkakalantad sa iba't ibang elemento at dumi ng mga ibon, nakatindig na hindi gaanong napahahalagahan sa Kennedy Square sa kabisera ng lungsod ng Providence. Nagpapasalamat ako kay G. Peter Foulkes, na aminadong hilig ang kasaysayan, sa kaniyang pag-alisto sa akin hinggil sa pag-iral ng mga bantayog habang sabay kaming nananaliksik noong mga unang taon ng 1990 sa American Antiquiarian Society sa Worcester, Massachusetts. Paniwala ni Mr. Foulkes noon na maraming kagayang bantayog ang posibleng ipinatayo sa maraming maliliit na bayan ng America, na maaaring mula rin sa katulad na moldeng hinihinala niyang gawa ng isang kinomisyong eskultor/manlilikha para sa pagawaan ng molde sa New York na "[sic] Williams, Inc." noong 1904 o higit pang maaga. Ang retrato ng Woonsocket Hiker na inilagay ng may-akda at galing kay G. Foulkes ay nagtataglay ng selyo ng pagawaan ng molde at may ganitong inskripsiyon: "The Hiker, copyrighted by Allen G. Newman, Sc. 1904." Ginagamit na noon pang 1922 ang molde upang makalikha ng mas marami pang kopya. Sa isa pang retrato ng Pawtucket R.I. Hiker na bigay ni G. Foulkes, taglay nito ang katulad na petsa ng instalasyon at nagtitiyak din sa identidad ni Newman bilang isang posibleng eskultor batay sa inskripsiyon sa kaliwang bahagi ng paanan ng estatwa.

4 Wala akong naging akses sa nakalimbag na bersiyon sa panahong isinasapinal ko ang pagsulat ng sanaysay subalit nagpapasalamat ako kay Propesor Loewen para sa kaniyang awtorisasyon na humalaw mula sa manuskritong ipinadala niya sa akin nang una kaming magpalitan ng mga unang borador noong 1997 at para din sa updated na impormasyong pansanggunian sa kaniyang pag-aaral.

© Ateneo de Manila University

bansa, sa mga pag-aalsang kilala rin bilang Boxer Rebellion.[5] Ngunit gaya ng tuwirang tanong ni Loewen, "Paanong ang sandaang araw ng digmaan ay nauwi sa limang taon batay sa mga bantayog nito?"

Karaniwang nagbubunga ng katatawanan at waring di-maitatalang epekto ang pagyuyugto o temporal na *anomalyang* makikita sa mga rebultong Hiker para sa mga nakababatid ng mahahalagang pangyayaring pandaigdig na may kaugnayan sa Digmaang Español-Americano at mga naidulot nito. Sa mga naunang pananaliksik, natuklasan ko ang "The Hiker" o ang "hiking" bilang mga terminong binuo ng mga sundalong lumaban sa Digmaang Filipino-Americano na naging kasunod ng tatlong buwang Digmaang Español-Americano noong 1898.[6] Tiyak ang naging paggamit ng mga sundalong Americano sa mga terminong ito upang ilarawan ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga kampanya upang mapasuko ang mga gerilyang Pilipinong nasa mga kuta sa bundok at kublihan sa gubat. Karaniwang kinasasangkutan ang mga kampanyang ito ng pagsuong sa masusukal at maaalikabok o mapuputik na daang milya-milya ang layo, at pagkababad sa hampas ng ulan o tirik ng araw sa loob ng maraming araw: di-maikakailang imahen itong nagtataglay ng mga aspekto ng sariling pagkabayani.[7] Itinala ni Loewen na ang bantayog ng Digmaang

5 Bagamat pinaliit, makikita ang aktuwal at nababasang baryasyon ng istandard na presentasyon ng Maltese cross na nasa harap ng paanan ng Woonsocket, R.I. Hiker, dagdag pa sa karaniwan nitong plake. Dalawang bilog ang nakalilok sa loob at gitna ng krus, kung saan ang itaas na braso ay kinatititikan ng "U.S.A." at ang ibaba naman ay kinaroroonan ng "Cuba" sa malalalaking titik samantalang ang "Philippine Islands" at "Porto Rico" ay nasa kanan at ikalawang bahagi ng braso nakatitik gamit ang maliliit na letra. Sa gitna ng nakapaloob na bilog matatagpuan ang salitang "UNITED" na naikuwadro ng mga salitang "ARMY" sa itaas at "NAVY" sa ibaba. Sa sirkumperensiyang nabuo ng mga bilog sa loob at labas, makikita naman ang inskripsiyong "SPANISH WAR VETERANS 1898-1902." Nakatala sa artifact na ito ang umuusbong na naratibo ng imperyal na pagbubuo-ng-bansa ng America matapos ang 1898. Isang alegoryang masasabing lantad na pag-amin sa pinahabang exegesis dito bagamat ang mga elementong bumubuo rito ay marapat na maitanghal. Ang pribilehiyadong posisyon ng U.S. bilang bansang bumabalikat sa gampanin ng pagkakaisa o pagtawid sa mga pangunahing lugar ng pagpapalawak nito ng teritoryo ay nabibigyang-kontapunto lamang ng estratehikong kinalalagyan ng Cuba bilang sentral na simbolikong espasyo ng ipinagmamalaking layon ng naturang pagpapalawak na kalayaan at kabutihan para sa mga nagdurusa sa ilalim ng dating imperyalistang opresyon ng España. Itinuring ang hukbong katihan at pandagat ng U.S. bilang kambal na kasangkapang ginamit upang sabayang maging makatotohanan at maisasagawang layon ang pagbuo nitong pinalawak na Unyon. Tanda ang pagpoposisyon sa laylayan ng kuwadro ng "Philippine Islands" at "Porto Rico" sa bagong Unyon ng kanilang aktuwal at kalaunang pagkakasakop bilang labas sa tipikal na gawain ng pagsagip at pagpapalaya ng U.S. sa Cuba kung saan, sa pamamagitan ng Platt Amendment, ay tinaguring malayang bansa matapos ang "Digmaang Español" ng Hilagang America at interbensiyon dito (cf. ang pormulasyong retorikal [North America's] "Vietnam War," na may kaparehong dulot ng pag-aakda ng pambansang pagsasarili ng mga Vietnamese pagkaraan ng maraming dekada na tulad ng pagbubura ng mga Americano sa gunita ng Rebolusyong Cubano matapos ang 1898). Binanggit ni Loewen ang katulad na lumilitaw na alegoryang imperyal sa inskripsiyon sa Dover, N.H. Hiker na nagsasalaysay na lumaban ang mga Americano "*to succor the weak and oppressed against foreign tyranny and to give Cuba and the Philippines a place among the free peoples of the earth*" (ang pahayag na italisado ay ang eksaktong pagpaparirala sa bantayog). Bagamat mapagtatalunan kung ang Digmaang Español-Americano sa Cuba ay nagsimula "sa kapirasong sentimyentong anti-imperyalista" at tunay na "nagpalaya" sa mga Cubano, mariing binanggit ni Loewen na sa Digmaang Filipino-Americano, ang U.S. ang di-maitatangging "*banyagang tirano*" (diin ay akin).

6 Matatagpuan ang bihirang kompilasyon ng korespondensiya ng Digmaang Filipino-Americano sa Edward Everett Ayer Collection sa Newberry Library, Chicago. Nagpapasalamat ako sa mga archivist na sina John Aubrey at Michael Kaplan para sa kanilang pag-agapay sa aking pananaliksik habang naroon ako bilang isang Library fellow.

7 Para sa tipikal at malinaw na halimbawa ng kontemporanyong paggamit, tingnan ang liham noong 21 Nobyembre 1900 ng sundalong si Peter Lewis sa kaniyang kapatid na si Alexander Lewis (*Foot Soldier* 89-90). Tinutukoy ang isang tipikal na kampanya, iniliham niya sa kaniyang di-inedit

© Ateneo de Manila University

Español-Americano sa Memphis ay kataka-takang nagtataglay ng ganitong lito at nakalilitong inskripsiyon: "The Hiker, Typifying the American Volunteer who fought Spain in Cuba, the Philippines, and Boxer Rebellion." Dito, kataka-takang inilagay ang Philippine Hiker sa Cuba kung saan walang anumang "pag-akyat sa bundok" ang kinakailangan dahil sa mga kasunod na pagbabagong politikal sa isla. Kaya naman hindi kinailangang harapin ng Estados Unidos ang armadong paghihimagsik ng mga Cubano, hindi tulad ng ginawa nito sa pag-aaklas ng mga Pilipino makaraang umalis ng España sa Pilipinas. At kung aalalahaning nakasentro ang Boxer Rebellion sa inter-imperyong interes ng mga Americano, Briton, Pranses, Aleman, Hapones, at Ruso sa Beijing, dagdag pa ni Loewen, lalo nang "maipagtataka kung ano ang ginagawa ng España sa Tsina" noong 1900 (Loewen [1999b]; *Lies Across America* 465).[8]

Sa hegemoniko't karaniwang kabatiran sa Estados Unidos, walang dudang inaalala ang digmaang ito bilang "kagila-gilalas na munting digmaan" ("splendid little war") (batay sa pahayag ng magiging kalaunang Kalihim ng Estadong si John Hay). "Naging isa itong kagila-gilalas na munting digmaan; nagsimula nang may dalisay na layon; nagpatuloy gamit ang natatanging dunong at diwang pinanigan ng kapalarang may paggiliw sa matatapang," liham ng noo'y Ambassador Hay sa dating Kol. Theodore Roosevelt noong Hulyo 1898.[9]

Bagamat natandaan ang munting digmaang ito bilang kagila-gilalas sa loob ng higit tatlong henerasyon ng propesyonal at modernong pagsasakasaysayan sa America, kapuna-puna pa rin ang mga pagkabagabag na bumabalot sa mga mabunying paggunita nito. Sa pagtalunton ng historyador na si Louis Perez sa laksang kontemporanyo at modernong historyograpiya hinggil sa Digmaang Español-Americano, natagpuan niya ang pilit na euporikong pagdiriwang ng sariling pagkabansa (kaugnay ng mga pamana ng digmaan) na interesanteng nahahaluan ng ligalig na pag-uulit ng mga tropo ng "parodiya at pangmamaliit" (Pérez, *The War* 57-80; "Meaning of Maine" 292-322).[10] Hindi

na Ingles ang ganito: "We had a pretty hard time of it on that 'hike' most of the time we were up to our waists in mud you see we had to go through Rice fields, the Rice fields are always soft the Rice grows in mud and water, and we had to plow through them, as it happened we did not come across any amount of Insurgents, but I held a Filipino up and took his Bolo away from him, I have the Bolo now, the Bolo is a heavy knife that is most used by the Filipinoes, they use it to cut Bamboo with. We started out on that 'hike' we got orders to take away all arms and Boloes that we find on Natives, so I captured this one."

8 Batay sa higit pang pananaliksik ni Loewen, hindi bababa sa limampung Hiker ang matatagpuan sa mga pambansang bantayog at sa iba't ibang lugar bunga ng pang-adbokasiyang gawain ng National Association of Spanish War Veterans. Isa sa mga eskultor si Theodora Ruggles Kitson, na tinukoy bilang lumikha ng halos kalahati ng mga monumentong ito kasama na rin ang iba pang eskultor gaya ni Newman na ipinagpapalagay na may gawa ng mga nasa Rhode Island. Ibinabala ni Loewen gayunman na ito ay estima lamang at hindi tiyak na bilang.

9 Ibinahagi ni Hay, na "huling nagbigay-pagbati" kay Roosevelt para sa "natatangi nitong kampanya" (nakabatay sa ipinagdiwang na kabayanihan at mga gawi ni Roosevelt sa Battle of San Juan), ang kaniyang hangarin na ang digmaan "ay matapos na nang taglay ang gayong mabuting kalikasan na siyang pinakatampok na katangian ng mga Americano. Na maaaring maganap saanman ang digmaan at hindi sila makikinabang mula rito" ("Letterbook no. 1").

10 Kaugnay nito, nagbibigay si Amy Kaplan ng masinsing pagbasa ng mga espektakularisadong mga tala ni Roosevelt at ng iba pa kaugnay ng Battle of San Juan bilang mga naratibong nagbubura sa mga "parodikong" aspekto ng labanang ito sa pamamagitan ng estratehiya ng "pangmamaliit" sa itinuturing nitong "iba." Sa kaniyang tala, nagtatanghal ang makalalaki at makalahing (racialized) representasyon ng labanan ng tableau ng imperyal-nasyonal na pag-uuring nagbubura sa kabayanihan ng mga kabilang na tropang Africano Americano at nagrereposisyon sa black population bilang saklaw ng pambansang politik ng katawan habang inilulugar naman ang mga Cubano (at mga Pilipino) sa hanay ng "di-maaasimila" at kawalan nila ng kakayahang katawanin (o pamahalaan) ang sarili. Tingnan ang "Black and Blue on San Juan Hill" ni Kaplan.

© Ateneo de Manila University

nakapagtataka ang ganitong dagling pag-unawa para sa sinumang may paimbabaw na pamilyaridad sa ekstensibong panulat-pangkasaysayan at sa kung aling mga pangyayari ang kolektibong binabalewala ng mga sulating ito hinggil sa digmaan. Pagturol pa ng kritikal na historyador na si Stuart Creighton Miller sa mga unang taon ng 1980 na "Sa katotohanan, labis lamang na pinaganda ang dalawang tagumpay ng hukbong-pandagat sa Santiago Bay sa Cuba noong Hulyo at sa Maynila noong Mayo [1898]." Ang mga unang tagumpay sa labanan ng America sa El Caney at San Juan Hill sa Cuba ang marahil lumikha sa mga imahen ng kagitingan nina Hen. Henry Lawton at Kol. Theodore Roosevelt. Subalit "ang natatanging kampanyang panlupa ng militar ay naging isang malaking kabiguan" dahil sa panloob na sigalot ng War Department, at ang kawalang kakayahan ni Hen. William Shafter bilang komander ay nagdulot ng malaking kahihiyan (Miller, *Benevolent Assimilation* 12).

Sa pagbabalik-tanaw sa kahandaan ng Estados Unidos para sa Digmaang Español-Americano, inamin ni Hen. Hugh L. Scott sa *Some Memories of an American Soldier* (1928) na batid niya at ng kaniyang mga kapwa opisyal na "binuo ang kanilang sandatahan para sa kapayapaan at hindi para sa digmaan." Samantala, sa tuwiran at mapananaligang pananaliksik ng iskolar na si Allan R. Millet, kaniyang itinuring ang "pag-amin" na ito ni Hen. Scott bilang isang eupemistikong pagsasabi na kapos sa kahandaan noon ang United States War Department at ang kanilang Sandatahang Lakas upang suhayan ang bansa sa lumalakas nitong paghahangad at pagnanasang imperyal. Ayon pa sa awtoritatibong pag-aaral ni Millet, parehong nagbalangkas at nagsagawa ng magkasangang estratehiya ang U.S. War Department at Sandatahang Lakas. "Ang United States Navy at ang Cuban Revolutionary Army ang magiging pangunahing sandata upang mapalaya ang Cuba" (Millet, *The General* 91).[11] Sa mga unang kampanya sa Pilipinas, nagsagawa ang Hukbong Pandagat ng Estados Unidos, sa pamamahala ni Dewey, ng katulad na pakikipag-alyansa sa Hukbong Rebolusyonaryo ng Pilipinas na pinamunuan ni Hen. Emilio Aguinaldo. Maingat na pinanatili ang kasunduang ito hanggang sa kagyat na makapagpadala si Pangulong William McKinley, sa pagitan ng Hunyo at Agosto 1898, ng tatlong daluyong ng sandatahang kukubkob at sasakop sa Pilipinas. Binubuo ang mga puwersang ito ng mga sundalo at boluntaryo ng U.S. Army. Inatasan sila kalaunan na halinhan at limitahan ang pamahalaang Filipino sa pag-aangkin ng mga teritoryo at paghahayag ng tagumpay ng sandatahan nito. Lumikha ito ng tensiyon sa pagitan ng mga "kaalyadong" kontra-Español na humantong sa lantarang digmaan pagsapit Pebrero 1899. Batay ang estratehiyang ito na para sa Cuba at Pilipinas sa kakapusan ng kahandaan ng sandatahang lakas ng U.S. sa digmaan at sa matinding pagtutol ng Kongreso laban sa pagdaragdag pa ng bilang ng mga sundalo sa halos 80,000 (1898) puwersang panghukbo upang maabot ang tinatantiyang 100,000 upang maisulong ang nasang politikal ng Estados Unidos. Lubusan ding sumandig ang estratehiyang ito sa halos tagpi-tagping kapasidad ng hukbong-pandagat ng U.S., sa kabuoang panahon ng "munting" digmaan, na labis ding nangangailangan ng komprehensibong modernisasyon sa yugtong yaon.[12]

11 Sa katulad na tala kung saan nagkaroon siya ng bahagyang alinlangan sa pagtanggap sa labis na pagpapahalaga sa kagila-gilalas na munting digmaan ("splendid little war"), si H. Wayne Morgan mismo ang isa sa mga kauna-unahan at kakaunting modernong Americanong historyador na umamin sa katotohanang "kuwestiyonable ang kakayahan ng hukbong katihan ng America na magdikta ng [sarili nitong] mga pangangailangan" at humantong sa mga kahingian nitong panteritoryo o kabayaran sa digmaan. Tingnan ang *William McKinley and His America* ni Morgan.

12 Ang bilang na "halos 80,000" ay estimasyon ng mga historyador na pangmilitar na sina David R. Kohler at James Wensyel mula sa kanilang tala na "Our First Southeast Asian War." Tinukoy naman

© Ateneo de Manila University

Bukod sa kaiklian ng laban sa pagitan ng Estados Unidos at España, dahilan ang karaniwang isinasantabing mga umiiral na sitwasyong *mapaghimagsik* sa Cuba at Pilipinas kung kaya't itinuring ng America ang digmaang ito bilang kagila-gilalas at munti. Mabisang napahina ng lahat ng pagsasakripisyo, pagbubuwis ng buhay, at mararahas na taon ng pagbibitbit ng armas ng mga "insurektong" Cubano at Pilipino (kabilang ang kanilang mga kababayang kapanalig) ang puwersang Español kung kaya't naging madali para sa Estados Unidos ang manghimasok at magsagawa mga misyon nito ng "pagsagip."[13]

Gaya ng angkop na pagsasabi ng kritikal na historyador na si Richard van Alstyne, nanatiling ang Digmaang Español-Americano noong 1898 bilang "munting digmaang may malaking konsekuwensiya" (*Rising American Empire* 165).[14] Kasama rito ang hindi

ni Millett (*The General* 112) ang "awtorisadong lakas pandigma" na 65,000 noong 1898 para sa regular na hukbong katihan; bilang ito na hindi gagalawin ng Senado, maging sa panahong kinailangan ang dagdag na tropa para sa inaasahang "Philippine Insurrection." Dagdag pa rito, ang pinal na borador ng Army Reorganization Act of 1899, ayon kay Millet, ay nagmamandato ng rebyu noong 1901 "para sa posibleng pagbabawas" ng nasabing puwersa, at ang War Department lamang ang awtorisadong makahanap ng dagdag na 35,000 boluntaryo para sa hiwalay na 100,000 puwersa ng kasundaluhang kukumpleto sa kalaunang pagsakop at okupasyon sa Pilipinas.

13 Ang dahilan sa kung bakit hindi makatapat ang makinaryang pandigma ng U.S. sa tumitinding agresibong ingay ng retorikang imperyalista (habang at kagyat na pagkaraan ng Digmaang Español-Americano) at wala sa kapasidad na magtulak ng kalauna'y hurisdiksiyonal na pag-aangkin ng U.S. sa mga "bagong pag-aari" nito ay pinatutunayan ng katotohanang ang unang priyoridad ng mga tagapagplanong pangmilitar ng U.S. ay pawang nasa "pagdepensa." Sa pangambang ang Hukbong Pandagat ng mga Español ay "tataranta sa mamamayang Americano o sisira sa mga paghahanda ng hukbong-pandagat ng America" sa pamamagitan ng pag-atake sa mga pasilidad at puwerto sa Atlantic Seaboard, ginastos ng War Department ang halos lahat ng nakuha nito mula sa $50 milyong war appropriation ng Kongreso noong Marso 1898 para sa depensang pambaybayin. Nagbunga ng "matinding kabayaran" ang internal na kaguluhan ng War Department at ng hukbong katihan, na tinapatan pa ng kanilang matatamlay na burukratikong hakbang, kabilang ang kambal na estratehiyang inilarawan sa itaas (tinawag ito ni Millett bilang "manpower policy compromise" sa pagitan ng War Department at mga kalaban sa Kongreso na nagnanais panatilihin ang mga pagkakakilanlang pang-estado ng mga rehimyentong kakailanganin). Bagamat naitalaga na ang 20 bahagdan ng mga opisyal ng hukbong katihan sa mga sampanaw upang tugunan ang mabisang pagpapangkat at paghahanda sa mga tropa, ang nag-umapaw na 250,000 boluntaryo ng Estadong tumugon sa panawagan ni McKinley na tumulong sa digmaan ay nakapigil sa regular na suplay ng sandatahan at sistema ng paghahanda na nagresulta sa kaguluhan at di-kaaya-ayang kondisyon sa mga training camp. Bunga pa nito, ayon kay Stuart Creighton Miller, "higit na iginupo ng mga tropikal na karamdaman ang maraming Americano kaysa bala ng mga Español." Ikinalipika rin ni Millett na, sa katotohanan, "mas marami ang namatay na Americano sa *kanilang lupain* kaysa napatay ng mga bala ng Español at ng mga tropikal na sakit *sa labas* ng Estados Unidos" (Millett, *The General* 91-93; Miller, *Benevolent Assimilation* 12; diin ay akin). Tingnan din ang *An Army for Empire: The United States Army and the Spanish-American War* ni Graham Cosmas para sa higit na kalmado at klasikong tala ng "modernisasyon" at propesyonalisasyon ng hukbong katihan na nagsimula sa mga pagbabagong internal-institusyonal pagdating ng dulo ng ikalabingsiyam na siglo; hindi nito nagawang baguhin, gayunman, ang imaheng hindi kaagad tiyak na nangyari ang mga pagbabagong ito hanggang sa pagtatapos ng sigalot ng 1898 at lalong hindi habang at pagkatapos ng higit na mapanghamong pakikidigma sa Pilipinas.

14 Isa sa naging malaking idinulot ng digmaan para sa mga Americanong nasyonalista at historyador ng dominyo ay ang pagpapasakamay ng Estados Unidos ng euporikong tinawag ng noo'y Paris Treaty chief U.S. negotiator na si William Day bilang "isang tunay na malawak na estado." Sa pamamagitan ng labis na pinagtalunang 1898 Treaty of Paris kasama ang España (negosasyong naging mapambukod at hindi kumilala sa karapatan sa estado ng pakikidigma ng parehong Rebolusyonaryong Cubano at Pilipino), aangkinin ng Estados Unidos ang mga huling bakas ng Imperyong Español bilang "bago nitong mga pag-aari." Ookupahin ng militar sa loob ng iba't ibang yugto ang Pilipinas, Cuba, Puerto Rico, at Guam at tatakdaan ng samot-saring anyo ng estadong neokolonyal bilang saklaw ng pinalawak na "unyon" o nasyon ng imperyo. Sa pagsalalay sa ihip ng ekspansiyonistang diwa ng panahon noong Hulyo 1898 at politikal na momentum na bitbit ng euporya ng publiko pagkatapos ng digmaan, palihim na sinakop ng Estados Unidos ang Hawai'i. Agad na nilagdaan ni McKinley ang

© Ateneo de Manila University

isinasaalang-alang at laging isinasantabi, at minsang tinawag ni Gareth Stedman Jones na, historyograpiya ng "State Department"—ang mas mahaba, mas magastos, at mas konsekuwensiyal na digmaang imperyal na kalaunang humantong sa "pakikipagdigmaan sa España." Noon pa man, binigyang-tuon na ng radikal na historyador na si Howard Zinn "ang kakaibang tagibang na pagtingin sa ating mga kursong pangkasaysayan, kung saan ginawang sentral na pangyayari sa polisiyang pandayuhan sa panahong ito ang pakikipagdigma sa España—na maikli ngunit matagumpay na gawaing pangmilitar, isang kagila-gilalas at munting digmaan para sa iba—at ang pag-agaw sa Pilipinas bilang madilim na kontra-kasukdulan" (Schirmer vii; Jones 61).[15] Kaugnay ng mga pampublikong bantayog at mga mintis nitong alegorya, isinasagka at ipinaiilalim ng mga aklat pangkasaysayan ng U.S. sa Digmaang Español-Americano noong 1898 ang hindi maitatangging higit na masalimuot na digmaan at pakikibaka sa Pilipinas (mula 1899 hanggang dekada 1910). Lumikha ng mga epekto ang kategorikal na pagsapaw na ito ng dalawang digmaan, at nagtanghal ng mga tiyak na gampaning politikal na nagsanga-sanga sa mga kawing ng magkakatulad na bunga.

Ang itinuturol na "kakatwang tagibang" ni Zinn ay sinadya sapagkat uunawain ang pakikidigma sa España at pananakop sa Pilipinas sa lente ng pagsasakasaysayan ng Estados Unidos hanggang sa kasalukuyan. Nagpapatuloy na gawaing nakaliligalig ang tagibang na ito at nagsasakatuparan ng mga panlalansing mismong nagpapatakbo sa industriya ng pagsulat ng kasaysayan o komemorasyon nito sa pamamagitan ng ibang paraan: paggunita at pag-alam.[16] Sa aktibong reproduksiyon ng Digmaang Español-Americano bilang isang kategoryang hegemoniko ng pagsusuring pangkasaysayan at pampublikong gunita sa mga naratibo ng imperyo ng U.S.—at maging sa pagbubuo ng bansa, iniuugnay ng pangunahing historyograpiya sa mga pampublikong bantayog ng digmaan ang tendensiyang magpahayag ng dalawang imperatibong imperyalista. Una, upang mapagpatuloy ang kontemporanyong naratibo ng "kagila-gilalas na munting digmaan" ("splendid little war") at upang panatilihin ang pagkalehitimo ng pangangamkam ng lupain at soberanya ng U.S., na tinawag ng iba bilang "di-sadyang pulong imperyo" (inadvertent island empire) Kaugnay nito ang

resolusyon sa aneksasyon nito, na tumapos sa halos isang dekada ng pambansang pag-aalangan sa kontintente at seryosong pag-apela ng mga Americanong naninirahan sa isla upang marating ang pangyayaring ito (magmula nang maganap noong 1893 ang ilegal na coup ng tiwalag na kilusan ng mga Americanong nagmamay-ari ng mga plantasyon, at mga elementong banyaga/misyonero/salta). Nilinaw ni Loewen na hindi pa namin naibilang dito, pagkaraan ng kasunduan sa Paris, ang mga dating kolonya ng España sa Africa tulad ng Rio de Oro (Kanlurang Sahara), Spanish Guinea, at tatlong iba pang maliliit na teritoryo sa labas ng Africa (Loewen [199b]).

15 Pahilis na pagbatay ang parodikong panawag ni Stedman Jones sa labis na impluwensiya ng realistang pananaw ni George Kennan pagdating sa historyograpiya ng "pakikipag-ugnayang pandaigdig" ng U.S., impluwensiyang tuwirang pinatotohanan ng mahabang pagtangkilik sa aklat ni Kennan na *American Diplomacy, 1900-1950*, at ng kaniya mismong pagkasangkot sa U.S. State Department.

16 Sa paggamit ng "pag-alam," nais kong itampok dito ang labis na pamamagitan at politisadong mga anyo ng produksiyon ng kaalaman ng U.S. sa Pilipinas at ang pagkakasangkot ng kasaysayan ng Estados Unidos. Halimbawa na rito ang pag-amin ng isang tanyag na mamamahayag na nagpalabas ng problematikong pagsasakasaysayan ng ugnayang kolonyal ng mga Pilipino at Americano. Ginawaran ito ng Pulitzer Prize pagkaraan ng People Power Revolution ng 1986 na nagpatalsik kay Ferdinand Marcos, Sr. at nagpanibago sa interes ng mamamayan ng Estados Unidos pagdating sa sulok na ito ng daigdig. Wika niya: "Limot na marahil ng karamihan sa mga Americano, o hindi nila kailanman nabatid, na naging pag-aari ng U.S. ang Pilipinas" (Karnow, *In Our Image* 3). Para sa natatanging kritika ng librong ito at sa paglikha nito ng mga katulad na kompigurado at puspos-ng-ligalig na pangkat ng mga Americanong nagpakadalubhasa tungkol sa Pilipinas, tingnan ang "In Our Orientalist Imagination" ni Michael Salman, at ang *Knowing America's Colony* ni Reynaldo Ileto.

pagsasagawa ng magkakasunod na akto at anyo ng paggunita sa Estados Unidos upang patuloy na magpanibago ang aktibong pag-iisantabi sa mga makabayang paghihimagsik ng mga Cubano at mga Pilipino laban sa España (1895-1898 ang rurok nito para sa mga Cubano; at 1896-1898 naman sa mga Pilipino). Ikalawa, at kaugnay ng mga nabanggit, kinasangkapan ang opisyal na talang pangkasaysayan ng U.S. at ang kumbensiyonal na pagpapangalan na "Digmaang Español-Americano" upang patotohanan at palaganapin pa ang kontemporanyong pagtingin sa pandaigdigang krisis na ito bilang nasa pagitan lamang ng dalawang imperyo—isang paangat (Estados Unidos), at isang pabulusok (España).

Ang kakatwang kronolohikong paghalinhan ng Digmaang Español-Americano sa Digmaang Filipino-Americano na makikita sa mga inskripsiyon sa mga natitirang pambansang monumento, kung gayon, ay hindi na nakalilikha pa ng pagtataka o palaisipan. Tulad na rin ng tinukoy mismo ni Loewen:

> Nakatuon ang sagot sa palaisipang ito sa isa sa mga di-kaaya-ayang pakikipagsapalarang pandaigdig—ang ating pakikipagdigma sa Pilipinas. Liban sa kataka-takang mga petsa sa ating mga bantayog ng digmaang Español-Americano, halos limot na rin ang digmaang ito sa ating panganorin. Nagsimula ang mga pandarahas noong Pebrero 4, 1899 at maaaring sabihing nagtapos pagdating ng tag-araw ng 1902. Kung gayon, ang mga taong "1898-1902." ("Springfield")[17]

Kapwa kronotopiko at simboliko ang temporal na pagbubura sa digmaan sa Pilipinas. Katunayan, gaya ng natuklasan ni Loewen, nagtataglay ang "mga salitang nasa *likod ng pader* ng bantayog ng Digmaang Español-Americano sa Springfield" ng mga posibleng sagot sa palaisipan ng pagsasakasaysayan na tiyak na haharapin ng sinumang nagtataglay ng gunita ng "kagila-gilalas na munting digmaan" ("splendid little war") at nagtuturing sa *monumental* na pagsapaw na ito: "ang Philippine Insurrection."[18] Pinupuna ni Loewen na ang paggamit sa "Philippine Insurrection" bilang opisyal at historikong "terminolohiya" upang tukuyin ang mas malaki at hindi nakagigilalas na digmaang Filipino ay nangangailangan ng radikal na pagsasaalang-alang, kung hindi man ng tuluyang pagpapalit.[19]

17 Sa paglaon ng digmaan matapos ang petsa ng pagwawakas nito noong 4 Hulyo 1902 ayon sa deklarasyon ni pangulong Theodore Roosevelt na pabayang itinuring ng mga historyador bilang makatwiran, lubos na nagiging mapagmungkahi ang matalik na pagbasa ni Russell Roth sa *Muddy Glory: America's Indian War in the Philippines, 1899-1935*. Imposibleng ituring bilang hiwalay sa mga akto ng "pagpapatahimik" ang mga sunurang digmaan laban sa mga "Moro," *ladrones*, *tulisanes*, at bagong *katipunans* pati na rin ang pangkoalisyon at antagonistikong politikang lumitaw kasama ng mga sakop o nagsipag-aklas na mga katutubong "mambabatas." Tingnan kay Reynaldo Ileto sa *Pasyon and Revolution, 1840-1910*, at sa "Orators in the Crowd: Independence Politics, 1910-1914." Tingnan din kay Jim Zwick sa "The Anti-Imperialist League and the Origins of Filipino-American Oppositional Solidarity."

18 Para sa "kronotopiko," tinutukoy ko ang paglalangkap ng pamanahon at pang-espasyong pagkasapaw sa Digmaang Filipino-Americano upang makapagdulot ng labis na pihikan at ligaw na mga anyo ng paggunita sa parehong panahon at lugar, at kung sino ang mga nakipaglaban sa ibang digmaang ito; o higit pang mainam: nagbunga ng anyong pang-espasyo ang pansamantalang pagkasapaw na ito habang ang pagpapahayag ng espasyo ang mismong humahalili sa mga pananda ng temporalidad o kronolohiya.

19 Sa isang bihirang akto ng pagkilala sapagkat mainit na pagtatalo ng ibang mga Americanong iskolar, iginiit ni Loewen na "Ipinahihiwatig ng salita ang pagkakaroon ng Estados Unidos ng lehitimong gahum sa Pilipinas, bagay na tinutulan ng mga nag-aklas na Pilipino. Walang ganitong nangyari. Ang kilusang pangkalayaan ng mga Pilipino ang mayhawak ng kontrol sa halos kabuoan ng

© Ateneo de Manila University

I

Maituturing na pagbibigay-diin na lamang sa katotohanan at hindi na nakabibigla pa ang pagsasabing kakatiting at hindi na nagbago ang alaala ng mga Americano sa Digmaang Filipino-Americano (at ang kasunod na neokolonisasyon ng U.S. sa Pilipinas). Makikita ang palatandaan nito sa mga nalabi at sa kung ano ang artifaktuwal na dokumentaryo ng mga isinantabing pangyayari ng digmaan. Nakaturol ang mga tilad-tilad at may kakatwang lokasyon na mga artifak o bakas ng digmaan sa posibilidad na hindi naman tunay na nagwakas ang Digmaang Filipino-Americano. Pagmamalabis man kung sabihin, ang digmaang aktibong sinisikil ang alaala at legasiya ay nagpapatuloy at nag-aaklas—isang "ibang digma" na layong makapaglatag ng mga panukala para sa kanilang kritikal na rekuperasyon o patuloy na pagkasikil sa kasaysayan at kamalayang popular ng U.S.[20] Naghihintay na muling basahin at balangkasin, ang mga baha-bahaging artifak at mga bakas ng Digmaang Filipino-Americano ay nagpapatunay sa digmaang ito bilang isinantabing digmaan sa pakikipaglaban ng Estados Unidos sa España at higit lalo pang naisasantabi dahil sa nagpapatuloy nitong ramipikasyon sa kasalukuyan.

Sa sanaysay na ito, nais kong imungkahing sa mga unang dekada mismo ng ikadalawampung siglo, kung kailan ang aktuwal na Digmaang Filipino-Americano ay mabilis na nanamlay ang halaga sa mamamayang Americano subalit mabilis ding tumindi pagkaraan ang pakikidigma nito sa España, inilalaban at tinatanuran na ang

bansa, liban sa Maynila, nang sumalakay ang Estados Unidos. Isa itong digmaan at hindi pagrerebelde ng isang subordinadong paksiyon…" (Loewen, "Springfield"). Isa sa mga pinakauna sa kritikal na historyograpiya sa panahon ng Digmaang Vietnam na lumikha at nagpalawig ng mga katulad na punto ay si Luzviminda Francisco, sa "The First Vietnam: The U.S.-Philippines War of 1899." May mga praktikal na dulot ang kategorikong pagsapaw na ito para sa seryosong pananaliksik (at ako rin mismo ay makapagpapatotoo nito). Napuna ni Loewen na kasama sa website ng army ang Digmaang Español-Americano at malinaw na isinantabi ang Digmaan sa Pilipinas sa listahan nito ng "mga pangunahing digmaan." Subalit "nakatala rito ang labing-isang magkakaibang kampanya sa ilalim ng 'Philippine Insurrection,' [at] tatatlo lamang sa ilalim ng Digmaang Español-Americano" (Loewen, "Springfield"). Pinalitan din kamakailan ng Library of Congress ang klasipikasyon ng "Philippine Insurrection," na lumito sa mga nagsisimulang mananaliksik, tungo sa "Philippine-American War," bunga ng parehong mapanghahawakang katwiran at adbokasiya ng nagmamalasakit na mga iskolar at mga pangkat komunidad na Pilipino Americano. Hindi natin batid ang signos o pangako ng pagbabagong ito pagdating sa pagpapaibayo at pagpapatuloy ng pananaliksik sa naging digmaan sa Pilipinas subalit isa itong malugod na hakbang sa ngayon.

20 Maiisip sa bahaging ito ang mga huling pagpapanumbalik na nakasentro sa mismong mga bantayog o mga kilalang icon na gumugunita sa "Digmaang Español-Americano" gaya ng kontrobersiya ng mga Batingaw ng Balangiga o ang Dewey Memorial sa Union Square ng San Francisco. Nakaukol ang kontrobersiya ng Dewey Memorial noong 1997, ang 90-talampakang-taas na granitong muhon na "dumarangal sa mga nagwagi sa Labanan sa Manila Bay noong 1898," sa pagpoprotesta ng mga pangkat komunidad na Pilipino Americano ng Bay Area laban sa pagdiriwang sa labanang "naging simula ng pagsakop ng Estados Unidos sa Kapuluan ng Pilipinas at ng digmaan ng pag-aaklas" na hindi gaanong nabibigyang-pansin sa mga kaalamang popular at batayang aklat. Hiniling ng mga nakikisimpatiya na malagyan ng plake ang paanan ng Memorial upang mailagay sa pangkasaysayang perspektiba ang karaniwang di-kinikilalang implikasyon ng Labanan sa Manila Bay at upang makapagbigay ito ng makatotohanang pagtataya sa ugnayang Filipino-Americano. "Wala rito ang naging kinalabasan: ang pagtanggi ng mga Pilipino na malipat mula sa isang kapangyarihang kolonyal, ang España, patungo sa panibago. Nagsimula ang mga labanan at kalauna'y nagpaulan ang mga barko ni Dewey ng mga bala sa mga hukay-kublian ng mga Pilipino." Idinokumento ni Loewen ang kaparehong kontrobersiyang kinasasangkutan ng komunidad ng mga Pilipino Americanong nag-adbokasiya sa paglalagay ng katulad na plake sa isang bantayog sa Minnesota, plakeng inilagay mismo ng mga aktibistang kultural at kanilang mga kapanalig sa komunidad habang nakabinbin pa ang mga pag-uusap sa matagalang rebisyon ng kasalukuyang inskripsiyong naririto. Tingnan kay John King.

ibang digmaang ito sa kontinente nang may higit na bagabag at determinasyon kaysa sa nangyayari mismong sagupaan sa Pilipinas. Ang mga sandatang ginamit sa ibang digmaang ito ay nakapipinsalang tulad ng artilyeriyang ipinosisyon sa Pilipinas (ang mabilis-kargahang Krag-Jorgensen, mga balang dum-dum, kanyong pandagat, ang tinatawag nilang mga infernal machine—at ang metaporikong bala o ang pagdating ng mga sundalong hindi tulad ng mga suplay pangmilitar sa aktuwal na digmaan na maaaring humina o maputol anumang sandali.[21]

Upang maunawaan ang hindi matatawarang halaga ng Digmaang Filipino-Americano, na sa isang banda ay maaaring makatulong sa pagtatala ng aktibong pambabansot dito sa opisyal at popular na gunita at sa kultural o historyograpikong labanang ipinataw hinggil dito sa Estados Unidos, kinakailangang isaalang-alang ang lawak at saklaw nito kung ihahambing sa Digmaang Español-Americano. Para sa "isang gawaing matimping sinimulan," itinala ng mga historyador na sina David Kohler at James Wensyel na nakapagpadestino ng kabuoang 126,000 Americanong opisyal at sundalo ang Estados Unidos para sa digmaan sa Pilipinas. "Apat na beses ang dami ng sundalong ipinadala sa di-deklaradong digmaang ito sa Pasipiko na kagaya ng itinalagang bilang sa Carribean noong Digmaang Español-Americano," at nakapagtala ng 2,800 na pakikipagsagupa. Tinukoy ng mga nabanggit na historyador ang detalyado at laging sangguniang bilang ng kaswalidad ng U.S. Army na 4,234 na bilang ng nasawi at 2,818 na bilang ng nasugatan sa panig ng America pagdating ng 1902, subalit hindi nila itinalang walang sistematikong paraan ng pag-oorganisa ng mga impormasyon hinggil dito dahil sa pagkadesentralisado ng digmaan sa Pilipinas at paglipat ng labanan sa mga rehiyon sa Katimugan. Katulad ng ibang mga historyador na batid ang sadyang kawalan ng pagtatalang isinagawa sa bilang ng mga kaswalidad sa panig ng mga Pilipino, inisa-isa nina Kohler at Wensyel ang mga kumbensiyonal na bilang ng kaswalidad mula sa hukbong Filipino na nasa 16,000, mula sa tantiyang lakas nito noong 1898 na umaabot ng 20,000-30,000—na maituturing bilang halimbawa rin ng kapos na pagsusuma—at kamatayan ng mga sibilyan na nasa 200,000 bunga ng "kagutuman, sakit, o kapalarang sinapit bunga ng pagiging masyadong malapit sa labanan." Nakakita ako ng higit na pinagkakasunduang numerong 250,000 na bilang ng mga nasawi sa panig ng mga Pilipino subalit hindi ipinaliliwanag ng mga gumagamit nito ang kanilang naging batayan sa kanilang pinagkaisahang bilang. Katunayan, naglalaro ang mga estima mula sa isaandaang libo hanggang isang milyon, na sakaling ang huli ang totoong bilang ay mangangahulugan ng sangkaanim na depopulasyon ng Pilipinas pagdating ng panibagong siglo. Walang anumang lumitaw na pagtutol kaugnay ng naging

21 Sa loob ng apat na buwan nang magsimula ang pakikidigma sa hukbong Pilipino noong Pebrero 1899, naharap kaagad ang U.S. sa kakapusan sa bilang ng tropa at naging malinaw na mas magtatagal pa ang digmaan taliwas sa mayabang na prediksiyon ni Hen. Elwell Otis na mabilis na mawawakasan ang "insureksiyon." Naitala nina Stuart C. Miller at ng iba pang historyador na 50 bahagdan ng 30,000 sundalong ipinadala upang kubkobin at sakupin ang Pilipinas ay pawang mga boluntaryo ng estado at magtatapos ang serbisyo sa tag-araw ding iyon matapos ang pormal na palitan ng kasunduan sa pagitan ng España at Estados Unidos noong 11 Abril 1899 na tumukoy sa kanilang paglaya sa tungkulin at pag-uwi sa loob ng anim na buwan matapos ang naturang petsa. Dagdag pa ni Miller, iginigiit na ng ilan sa mga gobernador ng estado ang pagbabalik ng kanilang mga boluntaryong sampanaw, at madarama na ang pagkabagabag sa kani-kanilang pag-uwi mula sa mga magulang at mga pampublikong pulong sa mga estadong gaya ng Minnesota, Oregon, Washington, Tennessee, Nebraska, at Timog Dakota. Isang tahas-sa-pananalitang gobernador, ayon kay Miller, ang "nagbabala kay McKinley na ang hindi agarang pagpapauwi sa mga boluntaryo ay maaaring maging 'di-konstitusyonal na tulad mismo ng digmaan.'" Kung kaya, sa higit pang tala ni Miller, halos 7 hanggang 10 bahagdan na lamang ng mga boluntaryo sa digmaan sa Pilipinas ang nagpasyang muling maglingkod, sa halina ng $500 na gantimpala. Tingnan kay Miller (78-80).

© Ateneo de Manila University

kabuoang gastusin ng digmaan sa U.S. Treasury na nagkakahalaga ng $600 milyon, at lampas $8 bilyon naman sa pensiyon ng mga beterano pagdaan ng mga sumunod na taon.[22]

Nagtataglay ang Digmaang Filipino-Americano ng mga tuluyang kritikal na pagsasaalang-alang para sa mga drastikong paraan nito ng naging paghubog ng kasaysayan at ang noo'y mga hindi tiyak na landasin ng pambansa at imperyalistang pagpapalawak ng America. Marahil ay walang ibang digmaan, liban sa Digmaang Sibil na lampas isang henerasyon bago nito, at ang Digmaang Vietman na anim na dekada pagkaraan, ang labis at kritikal na makapaghahati sa bansa na gaya ng ginawa sa Pilipinas. Ang pinakalitaw na pagpapahayag ng radikal na pambansang krisis na idinulot nito ay ang malaking kaguluhang konstitusyonal na lalong nagpalitaw sa mga tanong hinggil sa pagiging teritoryong-kolonyal ng Pilipinas.

Agad nahinagap ang konstitusyonal na krisis na ito bago pa ang digmaan, at natiyak pang lalo ito ng labis na tagal ng digmaan at ng mga kagyat na konsekuwensiyang politikal na ibinunga nito. Ang dominanteng posisyong tinindigan sa mainit na mga debate ay tuwirang ipinamalas ng imperyalistang senador na si Henry Cabot Lodge na mapuyos na nagpahayag tungkol sa Kasunduan sa Paris sa isang executive session debate ng Senado ng U.S. noong 24 Enero 1899. Wika niya, "Naniniwala akong absoluto ang kapangyarihan ng Estados Unidos *saanmang teritoryo o pag-aari nito sa labas ng mga Estado mismo*." Subalit halos pag-uulit lamang ang sinabing ito ni Lodge ng katulad na mga posisyon sa maraming debateng naganap sa Kongreso noong dulo ng 1898, at pinanatili sa tumitinding bigat ng tono ng mga politikong ekspansiyonista at mga opinion leader hanggang sa pagsisimula at pag-iibayo ng pakikidigma sa mga Pilipino (*Congressional Record* 958). Nagsimula ang mga debateng ito matapos magpasa ng resolusyon noong Disyembre 1898 (bilang antisipasyon sa kasunduan na noo'y nasa negosasyon) ang Senador ng Missouri na si George C. Vest na nagsasaad na hindi pinapayagan ng Konstitusyon ng Estados Unidos ang pamahalaang federal "na mag-ari ng mga *teritoryo* at permanenteng pamamahalaan bilang mga *kolonya*" (*Congressional Record* 20, diin ay akin).

Tiyak na nagtuon ang mga debate sa bagong implikasyong konstitusyonal ng pagbabalak ng Estados Unidos na gawing teritoryong-kolonyal ang "Kapuluan ng Pilipinas." Ikinatakot o ikinabahala ng mga mamamayan, manunulat, at politiko na magdadala ang aneksasyon ng Pilipinas, sa pamamagitan ng kasunduang pangkapayapaan sa España, ng malaking krisis pampolitika dahil sa hindi pa ito naisagawa sa kasaysayan ng bansa at posible ring magresulta sa imahen ng Estados Unidos bilang kahalintulad ng mga imperyalistang bansa sa Europa at kanilang malawak na sistemang kolonyal. Ang mga pagkabahalang bumabalot sa krisis konstitusyonal na ito hinggil sa "imperyalismo," na pinalitaw ng nahinagap na bagong mga pagpapalawak nang lampas sa mga kontinental na hanggahan ng bansa, ang kasunod na sinubok tugunan ng mga ipinasang panukala sa Kongreso (gaya ng kay Vest) nang may halong tagumpay at mga epektong hanggang ngayon ay itinuturing

22 Tingnan kina Kohler at Wensyel (20). Pinagkakautangan ko ng loob si Jim Zwick para sa mahalagang kalipikasyon pagdating sa mga hindi-nabilang na biktima ng digmaan dahil sa paglaganap nito sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas at sa pagpapatuloy nito bilang lokalisadong pakikibakang panggerilya ng mga Pilipino na sinimulan nang opisyal na iulat ng sandatahan ng U.S. at ng civil government records bilang "banditry" o "brigandage" pagsapit o pagkatapos ng 1901. Para sa isang kontemporanyong pagtutuos batay sa pag-aaral ng mga tala ng pamahalaan, na pinagmulan ng bilang na $600 milyong gastos sa digmaan (bilang na magbabansot sa unang inilagak ng $50 milyong para sa Digmaang Español-Americano); tingnan kay Edward Atkinson.

© Ateneo de Manila University

ng iilang kritikal na mag-aaral na hindi pa rin nasosolusyonan.[23] Subalit walang tatapat sa katiyakan at integridad ng punong dokumento ng pambansang polity, ang Konstitusyon ng U.S., na naging sentro ng tunggalian (at nakikitang nanganganib dahil sa mga posibleng pagpapalawak ng soberanya at saklaw nito nang lampas sa pinagkaisahang hanggahang kontinental ng bansa). Pipihit din nang bahagya maging si Senador Lodge mula sa kaniyang tindig sa "absolutong kapangyarihan" sa "mga pag-aaring panlabas" at itutulak ang mga piling aplikasyon o di-saklaw ng Konstitusyon (gaya ng "anti-slavery" clause) sa mga tiyak na lugar at mga mamamayan nito matapos ang mangyayaring aneksasyon.[24]

Taliwas ito sa kaligiran ng mga kontemporanyong dibisyon, subdibisyon, at mabilis mabagong politikal na panig na nagmumula sa hinaharap at itatagal ng Digmaang Filipino-Americano, kung saan maaaring masabi ang kontemporanyong pag-iral at postkontemporanyong pagpapalawig ng isang "ibang (Filipino-Americano) digmaan." Dalawang mahalagang pagsasaalang-alang ang kailangang idiin dito upang lumitaw ang kritikal na salaysay ng isang ibang digmaan. Una, ang krisis konstitusyonal na humubog at nagpatindi't humati sa hindi maitatangging mahinang batayan sa pag-angkin ng Estados Unidos sa soberanya ng Pilipinas, kung pagbabatayan ang mga batas pandaigdig, ay isang krisis sa pagkalehitimo na hindi naresolba at malinaw na natukoy ng Kasunduan sa Paris.[25] Ikalawa, naging usapin ang kawalang-kahandaan sa mismong digmaan ng U.S. Army

23 Ngayon pa lamang natin simulang nauunawaan kung papaano ginamit ang mga pamamagitan at pagpapasya ng Korte Suprema sa mga debateng ito sa paraang tinatawag na "Insular Cases" upang makalikha ng maraming "resolusyon": a) pinayapa nila ang laganap na pagkaligalig ng publiko at pinahintulutan ang legal na pagpapahayag ng neo-imperyalismo ng America; b) lumikha sila ng mga maanomalyang anyo ng mga tuluyang anekasayon at mga desingkorporasyon ng Pilipinas at Puerto Rico bilang "mga teritoryo" at ang kanilang mga mamamayan bilang magkakalayong "mga subheto" ng Unyon; c) at patuloy nilang pinigil, hanggang 1922, ang maraming kinahinatnan ng mga pagpapasya batay sa "konstitusyonal" na pagtupad sa global na gahum ng U.S. at ang tanong sa pagkamamamayan at naturalisasyon ng mga sangkot na mamamayan ng mga dominyo ay naging imperyalisado sa naturang kapangyarihan. Tingnan ang mga natatangi at masasaklaw na pag-aaral ng mga Puerto Rican legal scholars na sina Efren Rivera Ramos ("The Legal Construction"), at Edilberto Roman ("The Alien-Citizen Paradox").

24 Tanging "ang limitasyong ipinataw sa mga pag-aaring panlabas ng ikalabintatlong emyenda" ang nagbigay ng "nag-iisang eksepsiyon" sa absolutong gahum na ito, pagkakalipika ng senador. Tiyak na tinutukoy rito ni Lodge ang Seksiyon 1 ng Artikulo XIII ng Konstitusyon ng U.S. na pormal na nagsabatas ng pagbubuwag sa pang-aalipin noong 18 Disyembre 1865 at naglatag na "Hindi paiiralin ang pang-aalipin o sapilitang paggawa, liban kung magiging parusa sa krimeng ganap na ikinabilanggo ang isang partido, sa Estados Unidos o *saanmang lugar na saklaw ng hurisdiksiyon nito*" (diin ay akin). Ang paggigiit ni Senador Vest na walang pagbabawal ang maaaring ipataw sa U.S. mula sa Konstitusyon upang "makapag-angkin ng *teritoryong* permanenteng pangangasiwaan at pamamahalaan bilang *mga kolonya*" ay isang puntong patuloy na ibinabaka sa kritikal na tagpong ito ng magkakaibang tinig, pangkat, at organisasyong nagmumula sa posisyong "anti-imperyalista" at mula sa tahas at katatatag pa lamang na Anti-Imperialist League.

25 Ang ratipikasyon ng kasunduang isinagawa ng Senado noong Pebrero 1899, na lumamang lamang ng isang boto, ay tumaon sa dagling pagsisimula ng Digmaang Filipino-Americano. Sa angkop na pahayag ng "anti-imperyalistang" pangulo ng Stanford University na si David Starr Jordan: "Aaminin maging ng pinakapabaya sa atin na humaharap tayo sa tunay na krisis sapagkat nakikita nating walang sinumang namumuno… Sa kapalaran ng pakikidigma, napasakamay ng ating hukbong pandagat ang kabisera ng Kapuluan ng Pilipinas nitong Mayo. Sa pagkubkob natin sa lungsod ng Maynila, at gamit ang hungkag na determinadong diplomasya, itinakda sa atin ng pinal na kasunduang pangkapayapaan ang apatnaraan o isanlibo't apatnaraang isla ng buong arkipelago. Dito ay wala tayong mapanghahawakang titulo. Wala tayong mapapala hangga't hindi nasasangguni ang mismong mga nagmamay-ari. Taglay natin ang titulong legal, siyempre pa, subalit hindi ang moral at aktuwal na pagmamay-ari. Gumugol lamang tayo sa pagpapaubaya sa karapatan ng España sa ari-ariang hindi niya mapangasiwaan at hindi niya maililipat" ("The Question of the Philippines" 5).

at War Department, na pinatindi pa ng hindi magandang kinalalabasan ng pakikidigma sa Pilipinas at magtatagal ng dalawang taon matapos makailang ulit ideklara ng mga heneral ng U.S. na magiging mabilis at madali lamang ito para sa hukbong katihan ng America.[26] Habang dumarami ang bilang ng mga karahasan ng militar at ng digmaan at mabilis na lumilitaw ang tumitinding akto ng panlilipol nito, dalawang suliranin ang naging endemiko: ang pagkasira ng disiplina ng mga sundalo at ang pagbaba ng kanilang pambansang morale, lalo na nang humantong ang mga Pilipino sa gerilyang pakikihamok noong Nobyembre 1899, at matapos matalo sa mga kumbensiyonal na labanan kung saan sila nakatamo ng malinaw na pagkadehado.

Sa dumaraming kritisismo sa pangangasiwa ng digmaan sa labas ng bansa at mula sa nadaragdagang anti-imperyalista o mamamayang oposisyon na mula sa mahahalagang sektor ng publiko at intelektuwal ng America, nagkaroon ng tuloy-tuloy na mga makabayang apela at hiling para sa mga dagdag na hukbo ang pamahalaang McKinley at mga imperyalistang manunulat. Mula sa kontekstong ito, maaaring maunawa ang walang humpay na pagsusumikap ng mga awtoridad ng U.S. na ipagkibit-balikat ang simulain ng mga rebolusyonaryong Pilipino. Hinihiling ng mga Pilipino ang pag-alis ng mga Americano sa Pilipinas, neutralidad, o limitadong proteksiyon mula sa ibang makapangyarihang bansang nagnanais gawing teritoryong-kolonyal ang Pilipinas at isailalim sa kanilang kontrol. Sa kontekstong ito nagmula ang representasyon ng mga Americano sa mga Pilipino bilang "lahing walang kapasidad na magpatakbo ng pamahalaan," mga "barbaro," pati na ang "depotismo ni Aguinaldo" na nagsimulang lansakang palaganapin, patindihin, at pagtamuhin ng mga tiyak na epektong pampolitika sa parehong Estados Unidos at sa sapot ng mga ugnayang pandaigdig.

Kung pagbabalingan ang nalalabing ekstensibong lagakan ng mga artsibo mula sa *politikang kultural* ng Estados Unidos (bilang isang ibang digmaan), magugulat ang sinuman sa aspekto ng malabis na pagpapakalat at halos hibang na reproduksiyon nito ng sarili sa kontinente kasabay ng lumalawig na pananakop at pag-aaklas sa Digmaang Filipino-Americano. Sa oras na sumahin, ang nalikhang mga teksto sa panahong ito ay kumakatawan sa matibay na baluting kultural na nagpapalawig ng uri ng karahasang imperyalista at agresyon, na natatangi bagamat maiuugnay sa lagim ng mga gawi ng pakikidigma ng America sa kapuluan ng Pilipinas. Gamit ang mga sinaunang pelikula, libo-libong mga retrato, hindi mabilang na mga grapiko o cartoon, bulto ng mga prosang pamperyodismo, mga tomo ng minadaling etnograpiya at ulat kolonyal, at pangunahing fairs exhibits ng mga bansa (1901-1909), isinubheto ang mga Pilipino at ang Pilipinas sa proseso ng pagsasalahi (*racialization*) at *alteritismo* na kinasangkapan upang palawakin ang imperatibo ng pananakop at tagumpay pangmilitar sa espasyo ng kulturang popular at kultural na produksiyon ng America.[27]

26 Ang hindi pagsubaybay sa kalagimang ginawa ng hukbong sandatahan ng U.S. at sa mga mapangwasak na taktikang inilapat ng mga tiyak na heneral laban sa mga Pilipino—sundalo man o hindi—ay humantong sa pagsesensura ng militar sa pamamahayag at mga nakahihiyang pagdinig sa kongreso (kung saan binigyan lamang ang mga ligaw na opisyal ng magaang parusa) noong 1902. Mainam na pagmulan ng mga nagsisimulang mananaliksik ang mga piling testimonyang iniharap sa Senate Committee on the Philippines ni Sen. Henry Cabot Lodge na matatagpuan kay Henry Graff.

27 Isang kritikal na pag-aaral sa pagsasalahi ("racialization") ng mga Pilipino sa panahong ito, na may tunguhing ikalipika ang lansakang nakadidismayang pag-aaral na umiiral ay ang disertasyong isinusulat ni Nerissa Balce-Cortes, "Disciplining the Natives: Imperialism, Culture and Representations of the 'Filipino' After 1898." Neolohismong nilikha ng kritikong pampanitikang si Sara Suleri-Goodyear ang "alteritism" o "alteritismo" na tumutukoy sa pagkahumaling at paglilimita sa

Hindi maitatangging kabilang ang mga nabanggit na produksiyong kultural sa katulad na atas ng pananakop at imperyalismo sapagkat nasa kumpas ng mga politikong ekspansiyonista at militar ang direksiyon ng mismong mga digmaan at mga gawaing pang-adbokasiya. Subalit ang bumubuo ng kanilang kapangyarihan ay ang kanilang estadong may malaya at labis na kondisyonal na inisyatiba kung saan maaaring makialam ang industriyang kultural ng U.S. sa malalaking debate hinggil sa pagbubuo ng imperyo at pagkakaisang pambansa. Sumunod at humiram ang mga direktor ng pelikula, potograpo, dibuhista, antropologo, mamamahayag, at iba pang manlilikhang kultural sa wika ng kulturang biswal pagsapit ng panibagong siglo at sa teknolohiya ng midyang pangmadla o komunikasyon upang susugan at palawigin ang gawaing bigong isakatuparan mag-isa ng palyadong makinarya ng digmaan: ang "pagpapatahimik" sa ligalig ng mamamayang Americano at sa hindi mapasukong pag-aaklas ng mga Pilipino.

Umiinog ang "ibang digmaang" ito bilang politikang kultural, o ang digmaang pangkulturang ito, sa pangkat ng maiilap subalit nakahuhumaling na mga tanong at nakapailalim sa rubrika ng tinatawag noong "The Philippine Question" o "The Philippine Problem." Isa sa mga tanong na pinagmumulan nito ay hinggil sa pambansang identidad o layon ng America kaugnay ng imperyal nitong pagpapalawig, na kinakailangan ngayong tiyak na linawin at bigyang-elaborasyon sa pamamagitan ng mga adbokasiya at pagsubok sa diskurso ng publiko, na tinutunggali ng mga Pilipino sa harap ng mundo. Kaugnay rin nito ang ipinagyayabang na superyoridad ng kulturang politikal ng mga Americano (*sibilisasyon* at *sariling-pamamahala* ang mga kontemporanyong salita) na kinakailangan ngayong ritwalistikong purihin at ibangga sa *primitibismo* (o ang tinatawag noong *native savagery* at *tribalism*, atbp.) ng mga Pilipino bilang mahalaga nitong Iba at katunggali. Subalit sa pagpapatuloy ng aking mga argumentong ilalahad sa ibaba, ang digmaang pangkultura na ito ay nagpahiwatig at di-sinasadyang nagbigay-kaligiran sa isang uri ng pakikidigma sa at sa loob ng dalawang pag-iral ng pambansang "Sarili" at "ibang-sarili" ng America.[28]

Malayo sa pagiging hungkag o abstrakto ang mga tinutunggaling konseptong ito at ang isinagawang pagtunggali rito ay hindi naging limitado sa matalik na pangkat ng mga panawag at protagonistang Americano. Bagamat aktibong tinanggal o hindi tuwiran ang mga panawag, ang mga konsepto o diwang taglay nito ay may mga *tiyak* na puntirya kung saan sinusukat ang bigat ng ibinungang baluting kultural nito. Halimbawa, sa oras na gamitin ang *primitibismo* ng mga tekstong kultural, hindi lamang ito payak na pamimintas sa lahing Pilipino kundi isa ring reimpleksiyon sa kanilang pagsuway o paggamit ng taktikang gerilya bilang anyo ng "di-sibilisadong pakikidigma." Sa kasong ito, nagpapatunay at nagpapahiwatig ang *reperensiya* o oryentasyon ng politikal na paggamit ng konsepto sa isang di-tukoy na iba: ang hindi kaaya-ayang pagpipilit, para sa mga awtoridad ng U.S., ng gerilyang pag-aaklas ng mga Pilipino.

binaryong lohika ng pagkasarili at pagkaiba na naghihiwalay sa pagbubuo ng testamento/diskursong imperyal at mga kolonyal na pag-aaral na nakatuon dito bilang obheto ng kritika. Tingnan ang *The Rhetoric of English India*, lalo na ang unang pahina.

28 Hindi na nangangailangan pa ng teoretikong paglalahad ang konseptong "otherness" o alterity dahil sa karaniwang paglitaw nito sa mga kritikang pangkultura bagamat isang nakahahalinang dekonstruksiyon ng labis na problematikong paglalapat nito sa mga kolonyal na pag-aaral ang matatagpuan kay Suleri, sa *The Rhetoric of English India*; nananatili itong kapaki-pakinabang na pagkokonseptong kritikal na hangad kong maipamalas ang operasyon sa mga kasunod na pagdalumat.

© Ateneo de Manila University

Dalawang mahalagang salitang labis na pinagtatalunan ang *sibilisasyon* at *sariling-pamamahala* kaugnay ng politikal na lunggati ng mga Pilipino sa panahong ito. Untiunting lumaganap ang wikang developmentalista sa artsibong kultural ng ibang digmaang ito na nagtakda ng mga salitang lalait sa paghahangad ng mga Pilipino ng sariling-determinasyon at paglaya mula sa mga batayang racialist at cultural-determinist. Sa angkop na paglalarawan ng kritikong si Vicente Rafael, wika itong "humaharaya ng esensiyal na pagpapatuloy sa pagitan ng pagmamay-ari ng katawan ng isang indibidwal—ang kakayahan nitong pamahalaan ang mga impulso at buoin ang mga hangganan nito—at ang kontrol ng tao sa mga kilos at dulo ng politik ng kaniyang katawan" ("White Love" [1991] 5; "White Love" [1994] 185-218). Subalit muli, samantalang ginagamit sa paraang mapanlait ang wikang ito upang tiyak na tukuyin ang mga "primitibo" at "tribal" na tagasunod ni Aguinaldo, maaari ding magbigay-tanda o maghiwatig ang lansakang paggamit ng wikang ito sa krisis na lumalaganap sa kasaysayan ng pagbubuo ng bansa ng U.S. bilang bunga ng imperyalistang pagpapalawak nito.

Pinangangatwiranan ko ang *pagkasarili* at *sariling-pamamahala* rito bilang magiging sintaktikal na pagtatala ng digmaan o isang sigalot na nasa kaibuturan ng isang bansang layong makita ang pagguho ng mga hanggahan nito kasabay ng imperyal nitong pagpapalawak nang lampas sa kontinente, habang patuloy na hinaharap ang "ibang" suliranin ng asimilasyon ng maraming lahi o etnikong pangkat sa politik ng katawan nito: ang mga emansipadong black, empatikong white women, mga naglalahong Indian, at milyong "unwashed" na imigranteng non-Anglo mula Europa.[29] Sa huli at sa ganitong paglalatag, lalong pinalala ng imperyalistang pagpapalawak ang suliranin sa asimilasyon ng mga subheto at teritoryong tinukoy din ng kalikasan batay sa kanilang lahi at kasaysayan bilang hindi (o bahagya lamang) maaasimila sa bansang patuloy na nagpapalawak ng mga hanggahan nito at nangangailangan ng kontraksiyon. Dahil sa mapanganib na pagbabanat ng imperyalistang pagpapalawak sa mga hanggahan ng bansa upang maisama ang "ibang" mga teritoryo at mamamayan, nangailangan ang mga border na ito mismo ng seguridad at muling pagtatakda. Ang puspos-ng-ligalig na kabalintunaang ito ang naging sintomas at tugon sa iba/digmaang pangkultura. At kung ang "digmaan ay politika gamit ang ibang pamamaraan," at ang politikang nakataya ay ang pagkakaisang pambansa sa mismong sandali ng imperyal na pagpapalawak, may malaking mandatong kaharap ang ibang digmaang ito, kung gayon, sa pagbubuo ng imperyal-nasyonal na pagpapalawig (at pagkakaisa) katulad ng pagturing sa mikropolitika bilang isang makropolitika rin. Maaaring maging alalahanin din para sa karaniwang mamamayan ang mga tanong na ito bilang ordinaryong karanasan ng reimahinasyon ng buong nasyon—kung saan nangangailangan ng muling pagtatakda ng mga hanggahan—na nasa mismong transisyon ng pagbubuo ng imperyo "sa labas ng bansa."

Panghuli, ang pagsusuri ng ibang digmaan ang magtutulak sa ating pag-isipan ang "mga imahen ng biktima" na lampas sa aktuwal na bilang ng mga katawan at ang malupit na realidad ng mga krimen at dahas ng digmaan. Dahilan sa lumikha ang ibang

29 Ang tambalang pagbasa sa mga sumusunod na makabagong tala sa sabayang paglitaw ng pagbubuo-ng-bansa at imperyal na pagpapalawig sa puntong ito ay maaaring maghiwatig sa hindi makontrol na pagkaligalig ng marami bunga ng posibleng paglabnaw ng pambansang identidad ng U.S, na kinasasangkutan sa mga sandaling ito ng (im)posibleng pagkakasama o asimilasyon ng ibang mga lahi at non-Anglos: Matthew Jacobson, ("Chapters 4 & 5," *Special Sorrows*); Gail Bederman, (*Manliness and Civilization* 77-215); Louise Newman, (*White Women's Rights* 3-85, 116-131); at Kristin Hoganson (*Fighting For American Manhood* 107-199).

© Ateneo de Manila University

digmaang ito ng anyo ng karahasang mahirap mapahalagahan, kahit ngayong nakinabang ito sa paglipas ng isandaang taon: tunay na ginawa nitong *iba* ang mismong digmaan. Sa pagsasaestetika (dahil upang gawing iba ang isang bagay ay kailangan itong ilagay sa estetikong lunsaran), naibalik sa kontinente ang aktuwal na digmaan subalit ngayo'y natilad at nalinis buhat sa bahid, maraming paggugol, at malagim nitong kondisyon. At ang pangunahing "imahen ng biktima" ng ibang digmaang ito at ng pakikidigma sa mga Filipinong iba, sa aking paggigiit, ay ang imaheng may higit na tuwirang atas na litisin ito dahil sa imperyal na pagpapalawak na balintunang nagpahamak sa bansa (na ang dalisay nitong suporta'y dapat niyang panatilihin, at ang "pag-ibig" nitong dapat niyang "mapagwagian" o pagindapatin): ang sundalong Americano.

Isinalin ni John Carlo S. Gloria

Mga Sanggunian

Alystyne, Van. *The Rising American Empire*. Oxford UP, 1960.

Atkinson, Edward. *The Cost of War and Warfare from 1898 to 1902*. Brookline, 1902.

Bailey, Thomas. "America's Emergence as World Power: the Myth and the Verity." *Essays Diplomatic and Undiplomatic of Thomas A. Bailey*, pinatnugutan nina Alexander DeConde at Armin Rappaport. Appleton-Century-Crofts, 1969.

Balce, Nerissa. "Disciplining the Natives: Imperialism, Culture and Representations of the 'Filipino After 1898.'" Disertasyon, U of California Berkley.

Bederman, Gail. *Manliness and Civilization: A Cultural History of Gender and Race in the United States, 1880-1917*. U of Chicago P, 1995, pp. 77-215.

Campomanes, Oscar. "Casualty Figures of the American Soldier and the Other: Post-1898 Allegories of the Imperial Nation-Building as "Love and War." *Vestiges of War: The Philippine-American War and the Aftermath of an Imperial Dream 1899-1999*, pinatnugutan nina Angel Velasco Shaw at Luis H. Francia. New York UP, 2002, pp. 134-160.

Cosmas, Graham. *An Army for Empire: The United States Army and the Spanish-American War*. Texas A & M UP, 1971.

Goodyear, Sara Suleri. *The Rhetoric of English India*. U of Chicago P, 1992.

Graff, Henry, patnugot. *American Imperialism and the Philippine Insurection*. Little, Brown and Company, 1969.

Francisco, Luzviminda. "The First Vietnam: The U.S.-Philippines War of 1899." *Bulletin of Concerned Asian Scholars*, tomo 5, 1973, pp. 2-16.

Hoganson, Kristin. *Fighting for American Manhood: How Gender Politics Provoked the Spanish-American and Philippine-American Wars*. Yale UP, 1998, pp. 107-199.

Ileto, Reynaldo. *Knowing America's Colony: A Hundred Years from the Philippine War*. Center for Philippine Studies Occasional Papers, serye 13, 1999, pp. 41-65.

 © Ateneo de Manila University

---. "Orators in the Crowd: Independence Politics, 1910-1914." *Reappraising on Empire: New Perspectives on Philippine-American History*, pinatnugutan ni Peter Stanley. Harvard UP, 1984, pp. 85-114.

---. *Pasyon and Revolution, 1840-1910*. Ateneo de Manila UP, 1979.

Jacobson, Matthew. *Special Sorrows: The Diasporic Imagination of Irish, Polish, and Jewish Immigrants in the United States*. Harvard UP, 1995.

Jones, Gareth Stedman. "The Specificity of U.S. Imperialism." *New Left Review*, tomo 60, Marso-Abril 1970.

Jordan, David Starr. "The Question of the Philippines." Panayam na Binasa sa Graduate Club ng Leland Stanford Junior University, 14 Pebrero 1899. J.J. Valentine, 1899, p. 5.

Kaplan, Amy. "Black and Blue on San Juan Hill." *Cultures of United States Imperialism*, pinatnugutan nina Amy Kaplan at Donald Pease. Duke UP, 1993, pp. 219-236.

Karnow, Stanley. *In Our Image: America's Empire in the Philippines*. Random House, 1989.

Kennan, George. *American Diplomacy, 1900-1950*. U of Chicago P, 1951.

King, John. "Filipinos Want Full Story Told on Dewey Memorial." *San Francisco Chronicle*, A13-A14, 31 Marso 1997.

Kohler, David R. at James Wensyel. "Our First Southeast Asian War." *American History Illustrated*, Enero/Pebrero 1990, pp. 21.

"Letterbook no. 1." *John Hay Papers*, John Hay Library, Brown U.

Lewis, Peter. *Foot Soldier in an Occupation Force: Letters of Peter Lewis, 1898-1902*, kinolekta at isinaayos ni H.R. Kells. Linguistics Office, De La Salle U, 1999, pp. 89-90.

Loewen, James. "Springfield: A Lost Memory that Might Have Prevented a War." *Lies Across America: What Our History Sites Get Wrong*, New Press, 1999a.

---. Personal na panayam. 14 Hulyo 1999b.

Miller, Stuart Creighton. *Benevolent Assimilation: The American Conquest of the Philippines, 1899-1903*. Yale UP, 1982.

Millett, Allan Reed. *The General: Robert L. Bullard and Officership in the United States Army, 1881-1918*. Greenwood P, 1975.

Morgan, H. Wayne. *William McKinley and His America*. Syracuse UP, 1963, p. 397.

Newman, Louise. *White Women's Rights: The Racial Origins of Feminism in the United States*. Oxford UP, 1999, pp. 3-85.

Perez Jr., Louis. *The War of 1989: The United States and Cuba in History and Historiography*. U of North Carolina P, 1989.

---. "The Meaning of the Maine: Causation and the Historiography of the Spanish-American War." *Pacific Historical Review*, tomo 58, Agosto 1989, pp. 292-322.

Rafael, Vicente. "White Love: Discipline and Surveillance in the United States Colonization of the Philippines." Papel na binasa sa *Darthmouth Conference on Cultures of U.S. Imperialism*, Dartmouth College, NH, 22-24 Nobyembre 1991.

 © Ateneo de Manila University

---. "White Love: Surveillance and Nationalist Resistance in the U.S. Colonization of the Philippines." *Cultures of United States Imperialism*, pinatnugutan nina Amy Kaplan at Donald Pease, Enero 1994, Duke UP, pp. 185-218.

Ramos, Efren Rivea. "The Legal Construction of American Colonialism: The Insular Cases (1901-1922)." *Revista Juridica: Universidad de Puerto Rica Law School Journal*, tomo 65, blg. 2, pp. 225-328.

Roman, Edilberto. "The Alien-Citizen Paradox and Other Consequences of U.S." *Florida State University Law Review*, tomo 26, blg. 1, Fall 1998.

Roth, Russell. *Muddy Glory: America's Indian War in the Philippines, 1899-1935*. Christopher Publishing, 1981.

Salman, Michael. "In Our Orientalist Imagination: Historiography and the Culture of Colonialism in the United States." *Radical History Review*, tomo 50, Spring 1991, pp. 221-223.

Schirmer, Daniel Boone. *Republic or Empire: American Resistance to the Philippine War*. Shenkman Publishing, 1972.

United States, Congress, Senate, Executive Session Debate. *Congressional Record*. 5 Disyembre 1898 – 4 Marso 1899. 55th Congress, 3rd Session.

Zwick, Jim. "The Anti-Imperialist League and the Origins of Filipino-American Oppositional Solidarity." *Amerasia Journal*, centennial commemorative issue, part 1, tomo 24, blg. 2, 1998, pp. 65-85.

© Ateneo de Manila University